ANO ANG KASUNDUAN NG WILLIAMS V. CALIFORNIA?

Noong ng Mayo 17, 2000, ang organisasyon para sa mga karapatan ng mamamayan ay nagdemanda laban sa Estado ng California dahil sa mga napakasamang kondisyon ng mga paaralang publiko nito (ang kaso ng Williams v. California). Inihayag ng mga estudyante, mga magulang, at mga guro na ang Estado ay nagpabaya sa pagkalaloob sa mga libo-libong estudyante ng paaralang publiko, lalo na ang mga nasa komunidad ng mga mababaha ang kita at mga bayan ng mga may kulay, ng mga pangunahing pangangailangan na kinakailangan sa edukasyon.

Inihayag nila na ang mga kapabayaan ng Estado na magbigay nitong mga pinakamaliit na pangangailangan sa lahat ng estudyanteng paaralang pampubliko sa California ay paglabag sa konstitusyon ng estado pati na ang kautusan ng estado at pederal na nagbibigay sa mga estudyante ng pantay-pantay na karapatan na makapasok sa pampublikong paaralan na walang pagturing sa lahi, kulay o bansang pinanggalingan.

Noong Agosto 2004, may ipinahayag na kasunduan (legal na kasunduan). Iniutos ng kasunduan na magkaroon ang lahat ng estudyante ng mga aklat at dapat namalinis at ligtas ang kanilang paaralan. Hahakbang ito upang matiyak na ang mga estudyante ay may mga kuwalipikadong guro at ang mga paaralan ay magbibigay sa mga estudyanteng mga importanteng mapagkukunan ng pangangailangan. Bilang resulta ng kasunduan, pinagtibay ng bagong batas ng California upang magtatag ng Uniform Complaint Process para sa pagbibigay-alam ng mga pagkukulang ng mga paaralan o distrito ng mga paaralan na magbigay ng mga mapagkukunan ng mga pangangailangan. Cal. Educ. Code Section 35186.

MGA KATANUNGAN AT KASAGUTAN

T: Sino ang makapagsasampa ng reklamo?
A: Kahit na sino! Isang estudyante, magulang, guro, organisasyon, o iba pang taong amy pagmamalasakit tungkol sa kapakanan ng paaralan.

T: Paano makakatulong sa akin ang EEP?
A: Ang EEP ang tutulong sa inyong magsampa ng reklamo, magsusubaybay, at makikipag-usap sa distrito sa iyong pangalan.

T: Ano ang kinakailangan kong gawin?
A: Makipag-ugnayan lamang sa EEP sa 415-543-9444 kung ang iyong paaralan ay hindi nagbibigay ng sapat na mga aklat, ligtas na mga pasilidad ng paaralan o mga kuwalipikadong guro.

T: Kailangan ko bang ilagay ang pangalan ko sa reklamo?
A: Hindi, ang EEP ang magsasampa para sa iyo, gustuhin mo man o hindi na ipaalam ang sarili mo sa iyong paaralan o distrito.

T: Kailangan ko bang magbayad para sa mga legal na serbisyo?
A: Hindi, nagbibigay ang EEP ng libreng legal na tulong nang walang bayad.

EDUCATION EQUITY PROJECT
131 Steuart St., Suite 400 | San Francisco, CA 94105
Telepono: 415-543-9444 | Fax: 415-543-0296 |
www.lccr.com

Kasalukuyang gamit sa petsang Agosto 26, 2006

Education Equity Project

(PROGRAMA PARA SA PAGKAPANTAY-PANTAY SA EDUKASYON, **EEP**)

PAGSASAGAWA NG *WILLIAMS*

ANG MGA ESTUDYANTE AY MAY KARAPATAN SA:

Mga Aklat na Gagamitin sa Klase at Upang Ito'y Maiuwi

Malinis at Ligtas na mga Paaralan

Kuwalipikadong Mga Guro

Ipinaliliwanag ng polyetong ito ang Education Equity Projectat ang pamamaraan ng pagpapatupad ag mga karapatang ito.

PROYEKTO

Ang Education Equity Project, (Programa Para sa Pagkapantay-pantay sa Edukasyon EEP), ang Lawyers' Committee for Civil Rights (Komite ng mga Abogado para sa Karapatan ng mga Mamayan, LCCR) ng San Francisco Bay Area, ang ACLU Foundation ng Southern California, at mga iba pang kasali na kompanya ng mga abogado ay nagbibigay ng libreng tulong kung may problemang tungkol sa batas at sa posibleng pagkakatawan sa pagsampa ng reklamong Williams sa Uniform Complaint Process.

Ang kahit sino ay puwedeng magsampa ng reklamo kung ang paaralan ay pabaya sa pagbibigay ng mga sumusunod na mga pangunahing pangangailangan:

MGA AKLAT
Ang mga aklat o mga gamit sa pagtuturo na nasa sa maayos na kondisyon para sa bawat estudyante na magagamit sa klase - na hindi kailangang makikigamit sa iba - at maiuuwi;

MGA GUSALI
Mga ligtas na gusali ng paaralan at mga pasilidad na hindi lumilikha ng ano mang biglaang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante o mga kawani; at

MGA GURO
Permanenteng guro sa bawat silid-aralan na kuwalipikadong magtuturo ng asignatura at sa mga estudyante sa klase.

Ang kasunduan ng *Williams* ay pinapaiiral sa lahat ng paaralan sa distrito ng Estado ng California. Ang EEP ay nagtutuon ng pansin sa pagbibigay ng tulong sa may mga problema na gaya ng Williams sa apat na distrito ng mga paaralan sa Bay Area: San Francisco, Oakland, East Side Union, at West Contra Costa.

PAMAMARAAN NG PROYEKTO

Hinahangad ng EEP na isakatuparan ang kasunduang Williams sa pamamagitan ng pagtuturo sa publiko tungkol sa Uniform Complaint Process (Pantay-pantay na Proseso ng Pagrereklamo) at ang pagbibigay ng mahusay na legal na serbisyo upang matiyak na ang mga estudyante ay may mga sapat na aklat-pampaaralan at mga kagamitan sa pagtuturo, ligtas na mga pasilidad sa paaralan, at mga kuwalipikadong guro.

Kung kayo ay estudyante o kung may kakilalang estudyante na nagkukulang sa mga aklat, pumapasok sa paaralang hindi ligtas ang mga pasilidad o (mga) gusali o walang permanente o kuwalipikado na mga guro, makipag-ugnayan sa EEP sa 415-543-9444. Ang mga kawani sa EEP ang magbibigay sa inyo ng impormasyon at tulong.

Kung kayo ay pumapayag sa aming pagiging kinatawan ninyo, ang aming mga boluntaryong abogadong magkukumpleto at magsasampa ng reklamong Williams Uniform Complaint sa inyong pangalan at kikilos upang matiyak ang nakakasiyang pagsasakatuparan sa resolusyon ng inyong reklamo. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa EEP, makakapagsampa kayo ng reklamo sa tulong ng mga mapagkakatiwalaang mga abogado.

NAKATAKDANG PANAHON NG PAGREREKLAMO

Sa loob ng 30 na araw ng pagtatrabaho, pagkatapos na matanggap ang reklamo, kailangang pagpasiyahan ng paaralan ang inyong reklamo. (Kung ipapadala ng punong-guro ang inyong reklamo sa distrito, dapat mapagpasiyahan ng distrito ang inyong reklamo sa loob ng 40 na araw ng pagtatrabaho).

Sa loob ng 45 na araw ng pagtatrabaho, dapat makatanggap ang EEP ng sagot sa iyong reklamo mula sa punong-guro o opisyal ng distrito, at ipapasa namin ang sagot sa inyo.

Kung hindi kayo nasisiyahan sa kasagutan ng inyong reklamo, ang EEP ang tutulong sa inyo upang ipagtaguyod pa ito para sa inyong kapakanan sa school board o lupong pampaaralan man (para sa aklat-pampaaralan at mga reklamo tungkol sa guro) o sa State Superintendent of Public Instruction o Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo(para sa mga reklamo tungkol sa mga pasilidad).

Kung gusto ninyong kayo mismo ang magsampa ng reklamo, mangyaring puntahan ang:
www.decentschools.org/settlement_action.php